Republic of the Philippines
**SANGGUNIANG BAYAN**
Taytay, Rizal

*PK Blg. 2505 - 069*

**KAPASYAHAN BLG. 596 serye ng 2025**

# ISANG RESOLUSYON NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI G. MERLINO "MR. CLEAN" FERDATES CRUZ AT PAGKILALA SA KANYANG MAHAHALAGANG AMBAG SA PAGPAPAYABONG NG KULTURA NG BAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL

| | |
|---|---|
| May Akda at Nagpanukala: | Kon. Jan Victor B. Cabitac |
| Kapwa Nagpanukala: | Pang. Punong Bayan Sophia Priscilla L. Cabral |
| | Kon. Ma. Jeca B. Villanueva |
| | Kon. Philip Jeison J. Cruz |
| | Kon. Patrick John P. Alcantara |
| | Kon. John Tobit E. Cruz |
| | Kon. Joanne Marie P. Calderon |
| | Kon. Ma. Elaine T. Leonardo |
| | Kon. Andres C. Cruz Jr. |
| | Pangulo LnB Roseller Z. Valera |
| | Pangulo Ped. SK Lucia Marie D. Alcantara |

SAPAGKAT, si G. Merlino "Mr. Clean" Ferdates Cruz ay isang kilalang personalidad sa bayan ng Taytay na nagbigay ng hindi matatawarang ambag sa pagpapaunlad ng kultura, moda, at tradisyon ng ating bayan;

SAPAGKAT, siya ay isa sa mga unang ginawaran bilang "Banggaling Mo Taytayeño" noong 2022, kung saan ang kanyang pagkamalikhain ay kapantay lamang ng kanyang puso para sa komunidad;

SAPAGKAT, bilang unang Pangulo ng Taytay Tourism Council noong 1998, siya ay nanatiling masigasig na tagapagtaguyod ng kultura, pamana, at pagmamalaki sa ating lokal na pagkakakilanlan;

SAPAGKAT, isa siya sa mga nagtatag ng "Sunduan" noong taong 1975, isang makabuluhang kaganapan na nagtatampok sa mga kabataan at nagtataguyod ng mga lokal na talento sa larangan ng sining at kultura;

SAPAGKAT, ang "Sunduan" ay naging simbolo ng pagkakaisa at pagkakaibigan sa komunidad, kung saan ang mga kabataan ay nagkakaroon ng pagkakataon na ipakita ang kanilang mga talento sa pamamagitan ng mga pagdiriwang at aktibidad;

SAPAGKAT, katuwang si G. Merlino Cruz sa pagsasaayos ng HAMAKA Festival noong huling bahagi ng dekada 1990, isang mahalagang pagdiriwang na nagbibigay-diin sa mga tradisyon at kultura ng Taytay, na nag-uugnay sa mga tao at nagtataguyod ng pagmamalaki sa ating lokal na pamana;

SAPAGKAT, ang kanyang dedikasyon at pagsusumikap ay nagbigay inspirasyon sa maraming Taytayeño at nagtaguyod ng pagmamahal sa ating kultura at tradisyon;

SAPAGKAT, ang buong Bayan ng Taytay, sa pangunguna ng Punong Bayan Allan Martine S. De Leon at ang bumubuo ng ika-12 Sangguniang Bayan ng Taytay ay nagpapaabot ng panalangin para sa mapayapang paglalakbay ng kapwa Taytayeño na yumao kamakailan;

LUBUSANG PINAGPASYAHAN, kagaya ng lubusang pagpapasya, NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAKIKIRAMAY SA BUONG PAMILYANG NAIWAN SA PAGYAO NI G. MERLINO "MR. CLEAN" FERDATES CRUZ AT PAGKILALA SA KANYANG MAHAHALAGANG AMBAG SA PAGPAPAYABONG NG KULTURA NG BAYAN NG TAYTAY, LALAWIGAN NG RIZAL.

PINAGPASYAHAN PA, na ipadala ang sipi ng Kapasyahang ito sa kinauukulan para sa kanilang kabatiran.

PINAGTIBAY NG LUBUSAN, ngayong ika-07 ng Mayo, 2025, 2:07 ng hapon dito sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

---

PINATUTUNAYAN KO, ang kautusan na nilalaman ng kapasyahan ito, na pinagtibay pa rin ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Taytay sa naganap na ika-142 Pangkaraniwang Pulong ng ika-07 ng Mayo, taong 2025 sa Bulwagang Kapulungan ng Gusaling Pambayan ng Taytay, Rizal.

**ATTY. STANLEE D. CALMA**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATOTOHANAN BILANG PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA:

**KGG. PHILIP JEISON J. CRUZ**
Konsehal / Pansamantalang Tagapamatnugot

**KGG. SOPHIA PRISCILLA L. CABRAL**
Pangalawang Punong Bayan

**KGG. JAN VICTOR B. CABITAC**
Konsehal

**KGG. MA. JECA B. VILLANUEVA**
Konsehal

**KGG. PATRICK JOHN P. ALCANTARA**
Konsehal

**KGG. JOHN TOBIT E. CRUZ**
Konsehal

**KGG. JOANNE MARIE P. CALDERON**
Konsehal

**KGG. MA. ELAINE T. LEONARDO**
Konsehal

**KGG. ANDRES C. CRUZ JR.**
Konsehal

**KGG. ROSELLER Z. VALERA**
Pangulo Liga ng mga Barangay

**KGG. LUCIA MARIE D. ALCANTARA**
Pangulo ng Pederasyon ng Sangguniang Kabataan